

1

“Adam, yoohoo!”

Napailing ang binata nang marinig ang pamilyar na boses ng kanyang butihing ina mula sa sala. Kasalukuyan siyang nasa basement, abala siya sa pagkumpuni ng mga hot toys for the big boys, as in his cars.

“There you are!” Nakapunta na si Mrs. Carlota Gomez sa kung nasaan siya. “Hindi mo man lang ba sasalubungin ang iyong mama?”

“Hi, Ma...” Abala pa rin siya sa ginagawa. Inilapit pa niya nang husto ang ulo sa makina na para bang sinasadya na hindi tingnan ang matandang babae.

“Adam Kronos Gomez! Ganyan ba ang dapat salubong mo sa akin?! I’m your mother! I’m expecting a hug or a kiss on the cheek from you!”

Napabuntong-hininga siya. Siguradong pupunta na naman sa sumbatan at tampuhan ang usapan na ito. He knew his mother, magpapaawa ito at kung anu-ano pa ang sasabihin. Binitawan na niya ang hawak na screwdriver, sabay punas ng mga kamay sa isang basahan. Pagkatapos, kahit may kaunting grasa

sa kanyang mukha ay bibigyan na niya ang ina ng yakap. Bago pa siya makalapit, umiwas na ito.

“Akala ko ba gusto mo ng hug, Ma?”

“Look at you, you’re filthy.” Nandidiri ito na mahawakan niya. Binago na lang nito ang usapan. “Kamusta naman ang araw ng unico hijo ko?”

“Gaya n’ung last six months, pare-parehas lang ang nangyayari.” He looked at the old lady seriously. “Ma, hanggang kailan ba ako mananatili na ganito lang? Kailangan kong magtrabaho ulit, napakadaming bagay na akong pinalagpas. Ang hirap na dito ko lang inaasikaso ang mga pending papers ko sa opisina. Also, hindi naman ako ipinanganak para makulong lang dito.”

“But, Adam—”

“Pakiramdam ko tuloy para akong bilanggo sa sarili kong bahay. Daig ko din ang mga presidente ng Pilipinas sa sobrang higpit ng security ko. I want to have a normal life again.”

“Hijo, alam mo naman ang sitwasyon mo, di ba?”

“Yes, I know. Alam kong hindi safe kaso ayoko naman ng ganito. Gusto kong magtrabaho ulit, lumabas, maging malaya. I want to be a normal adult

again,” paliwanag ni Adam.

“Inuulit ko, ipapaalala ko lang sa ’yo, ilang beses ka na bang muntikang ma-kidnap?”

“I don’t know,” nakangusong tugon ni Adam. Alam naman niya ang totoong bilang, ngunit siguradong ipapamukha sa kanya ng ginang na iyon ang magiging dahilan kaya hindi siya maaaring bumalik sa normal na buhay bilang binata.

“Limang beses na para maalala mo. At n’ung nakalipas na six months, muntikan ka nang mapatay n’ung last kidnappers mo. See, you can’t go outside. It’s not safe!”

“For God’s sake!” Napahawak siya sa noo. Bakit ba hindi maintindihan ng kausap ang gusto niyang mangyari? Kung ano man ang nangyari noong nakalipas na anim na buwan, nakaraan na iyon. Adam wanted to be free. “I’m a man. I can take care of myself. Huwag na kayong mag-alala sa akin. Kahit payagan n’yo na akong magtrabaho ulit sa kompanya natin, kahit ’yun na lang.”

Mrs. Gomez’ face became stern. Hindi niya ito makumbinsi. “Do you still remember what happened to your father?”

“Opo, namatay siya sa kamay ng mga kidnappers

niya. Pero alam ko na kung nabubuhay lang si Papa, siguradong hindi niya ako hahayaan na nandito lang at inaaksaya ang panahon. So please, Ma... I'm a man. As a matter of fact, twenty-six years old na ako. Kaya kong pangalagaan ang sarili ko.”

“Adam...” Iyon lang ang nasabi ng matandang babae. Mukhang pinag-iisipan nito ang lahat ng kanyang mga sinabi. Huminga nang malalim ang ginang at tumingin sa kanya. “Pag-iisipan kong maigi kung kailan ka makakabalik sa opisina. Pero sa ngayon, if you want to go outside, a bodyguard must accompany you.”

Umalis na ang kanyang ina habang siya ay nadidismaya. Akala pa man din ni Adam ay makakabalik na siya sa *Kronos-G Incorporation*, isa sa mga maunlad na kompanya sa buong Asya na pagmamay-ari ng kanyang pamilya.

Hanggang kailan ba siya mananatili rito sa bahay? Anim na buwan. Imagine how boring it was for a young man like him. Ang isang guwapong lalaki na tulad niya ay dapat nasa limelight, kasama ang magagandang babae, nag-e-enjoy sa mga sports na gustong subukan. Subalit ito siya ngayon, nasa bahay lang niya na parang isang ibong nakakulong sa hawla. Kahit ilang beses na niyang gawing productive ang

pamamalagi, hindi pa rin maibsan ang nararamdaman niyang boredom.

Kasalanan ng apelyido niya ito! Dahil sa mayaman ang pamilya Gomez, naging mainit siya sa mga mata ng kidnappers. Ang isa pang nagpadagdag ng problema ay ang pagiging henyo niya for robotics and computer software. Pero ano ang gamit ng pagiging henyo niya kung daig niya pa ang isang ibong nakakulong sa hawla? Napailing na lang siya. Iisa lang ang maasahan ni Adam ngayon, ang magiging kaibigan niya, a bottle of beer.

Mula sa basement, dumerecho si Adam sa kusina. Hinalungkat niya ang nilalaman ng refrigerator. Wala siyang nakita kahit isang bote ng beer. Sinubukan niyang maghanap sa mga cabinets, nagbabakasakaling baka mayroon doon ngunit wala. Tiningnan pa niya ang ibang posibleng paglagyan ng beer subalit wala talaga.

*Damn! Ako ba ang hari ng sablay ngayon?
Napakadaming kamalasan na nangyayari!*

May naisip siya. Isang devilish smile ang nabuo sa kanyang mga labi. It was a great chance for him to go outside. Hindi na siya nag-aksaya ng oras, hinanda na niya ang sarili. Nagbihis na siya ng casual outfit, a simple black shirt and denim pants. Lumabas na

siya ng bahay. Ngunit nang akmang sasakay na siya sa kotse niya, lumapit ang isang bodyguard.

“Sir, mahigpit pong ipinagbabawal ni Madam na hayaan kayong lumabas na mag-isa.”

Nagpakahinahon si Adam. Kung iinit ang ulo niya, baka hindi pa matuloy ang minimithi niyang plano. “No problem. Sumakay ka na.”

“Sir Adam, hindi lang po ako ang kasama n’yo.” Nagsisulputan bigla ang ibang bodyguards. Lahat ay nasa limang katao.

Damn! Dinaig pa niya ang isang politician sa dami ng mga nagbabantay ng kanyang seguridad. Napapikit siya, nahihirapan sa sitwasyon. Namumuo na ang inis sa kanyang kalooban pero hindi niya maaaring pairalin iyon, tatal naman ay siguradong mayamaya lang ay makakamit na niya ang kalayaang matagal na ring hindi nararanasan.

Imbis na gamitin nila ang kanyang black sports car, sumakay sila sa isang asul na van. Hindi na nakipagtalo ang binata sa mga ito. Basta ang mahalaga lang sa kanya ay makapunta sa grocery store at makatakas sa mga damuhong lalaki.

Habang umaandar ang sasakyan, isip na siya nang isip kung paano matatakan ang mga ito.

Hanggang sa makarating sila sa store, iyon pa rin ang kanyang problema. Nang maiparada sa parking slot ang van, nakababa na sila ng sasakyan at tumungo sa entrance ng grocery store.

Adam's brow curled. "Huwag n'yong sabihin na lahat kayo papasok sa loob?"

"Pero, Sir—"

"Walang pero-pero. Ako lang ang papasok sa loob."

"Ang s'abi ni Madam, dapat kasama kahit isa man lang sa amin."

"Fine!" Padabog niyang itinuro ang bodyguard na napiling isama sa loob. "Ikaw! Sumama ka sa 'kin. The rest will stay here!" Mainit na ang kanyang ulo.

Mabuti naman ay sinunod na siya ng mga ito, isang bodyguard nga ang sumama sa kanya sa loob ng store. Palihim na pinagmamasdan ni Adam ang lalaking kasama. Dahil malaki ito at mukhang mabagal, siguradong mahihirapan itong habulin siya. Isang nakakalokong ngiti ang sumilay sa kanyang mukha.

Binilisan niya ang lakad. Tulad ng kanyang inasahan, hindi nga ito nakasunod sa kanya. Para

hindi pa siya nito mapansin, kung saan-saan siya sumuot hanggang sa makarating siya sa garments section. Sumasang-ayon sa kanya ang pagkakataon. Kumuha na siya ng damit na pamalit, pinili niya talaga ang isang jacket na may hood para maitago niya ang mukha. Masama man ang mag-shoplift, but this was the only way for him to be free.

Nakapagbihis na siya, dapat na siyang makalabas sa grocery store. Naisip niyang gamitin ang daanan para sa mga staff. Sa sulok, nakita niya iyon kaagad. Bago pa siya makarating doon, may toy gun siyang nakita. Mukhang magagamit niya iyon. Kinuha niya ang laruan at mabilis na naglakad.

Kinapalan na ni Adam ang mukha. Wala siyang pakialam kahit sabihan siyang off-limits doon, na staff lang ang puwedeng dumaan sa employee's entry and exit point. He opened the door. Kalayaan!

Mabilis siyang kumilos upang makalayo sa grocery store.

2

Naglalakad palabas ng grocery store si Summer matapos bayaran ang kanyang mga pinamili. Napansin niya ang isang lalaking makakasulubong. Kahit sino naman yata ay mapapatingin dahil sa kakaibang appeal nito. Indeed, the man was handsome from head to toe. Sa saglit na pinagmasdan niya ito habang naglalakad, she had already memorized how beautiful his face was. Naging curious siya sa kalambutan ng pulang mga labi nito. Sa suot ng estranghero, pakiramdam niya ay may matipunong katawang natatago.

Dahil preoccupied ang kanyang utak, hindi niya namalayang nagkasulubong na pala sila ng lalaki. Sayang! Pero ipinagkibit-balikat na lamang niya iyon. Bago makalabas ng grocery store, naramdaman niya ang pagtawag ng kalikasan. Pumunta na muna siya ng rest room. Ilang minuto pa'y nakalabas na rin siya. Pumunta na siya kung saan nakaparada ang bulok niyang sasakyan. Malapit iyon sa staff's entrance.

Nakita niya ang sasakyan at may napansin. Shit! Hindi pala niya na-lock ang pinto. Good thing, walang nag-interes na nakawin ang kanyang kotse. Bulok na

bulok ito.

May napansin siyang kakaiba sa kanyang sasakyan, hindi niya mawari kung ano.

Hindi na lang niya pinansin. Pumasok na siya sa kotse. Inilagay niya ang mga pinamili sa katabing upuan ng driver seat. Gaya ng dati, nahirapan siyang i-start ang kotseng ipinamana pa ng kanyang tatay. Makaraan ang isang minuto, umandar na rin ang makina. Nakalabas na ng parking lot si Summer. May isang pangyayaring hindi niya inaasahang dumating.

“Drive...” came a baritone voice from behind.

Nanlaki ang kanyang mga mata, hindi niya alam kung ano ang gagawin. Nangangatog na rin siya, natatakot dahil may nakatutok sa kanyang likod. Pakiramdam niya ay baril iyon.

“B-Boss, h-huwag m-mo a-akong patayin. Please...”

“Wala akong balak na patayin ka. Pero kung hindi mo susundin ang gusto ko, baka magbago ang isip ko.”

“P’wede naman nating pag-usapan ’to.”

“Ipagpatuloy mo lang ang pagmamaneho. Saan ka ba pupunta?”

“S-sa Nueva Ecija.”

“Good, go ahead. Just drive.”

Summer couldn't understand the stranger. Bakit tinanong pa nito kung saan siya pupunta? Nang malaman nito ang destinasyon, nagustuhan pa. Itinigil niya ang sasakyan kahit pa may nakatutok na baril sa kanya.

“Please, kuhanin mo na ang lahat. Gusto mo ng pera? Grocery? Itong relo ko, gusto mo? Sabihin mo lang, just leave me alone.”

“I said drive!” Dumagundong ang boses ng lalaki sa loob ng kotse.

Lumakas ang kanyang loob. “No! Barilin mo na ako kaysa madamay pa ang nanay ko!”

“F*ck! Ang s’abi ko—”

Hindi na nito naituloy ang sasabihin. Nag-agawan sila sa baril na hawak ng lalaki. Kahit posibleng maiputok iyon nang hindi sinasadya, matapang pa rin siyang nakipag-agawan. Isang matinding impact, nasira ang sandata. Shit! Toy gun lang pala iyon! Nagoyo siya nito!

Masama ang tingin ni Summer sa estranghero, sobrang matalim na kulang na lang masaksak ito.

“Asshole!” Panay ang sampal niya rito. Hindi niya tinantanan ang lalaki.

“Hey! Stop it!”

“Buwisit ka! Go to hell!”

Naangat niya nang hindi inaasahan ang hood na nagtatago sa ulo nito at tumatakip sa mukha. Tumigil siya sa kasasampal dito. Ito ang lalaking kanyang nakasalubong sa grocery store! He was the man that captured the souls of all of the women in the land. Napuno ng kaligayahan ang puso niya. Hindi niya maipaliwanag ang mga nangyayari. Parang tumataas ang kanyang temperatura, dinaig pa niya yata ang nagkokombulsyon.

Ang init ng ulo na kanyang naramdaman ay nawala, mukhang nilipad ng hangin. Wala na siyang nararamdaman na kahit anong negatibo. She was captivated by his face.

*Summer Rose Calderon, wake up! He's an enemy!
Masamang tao 'yang nasa harapan mo!*

Ipinilig niya ang ulo. Bumalik na rin sa normal ang kanyang nararamdaman, ngunit hindi na niya maibalik ang galit. “What are you doing here?”

“I'm sorry. Please... huwag mo akong paalisin.

Sige na, please. Wala naman talaga akong balak na masama sa 'yo. I just need a ride, that's all."

"Niloko mo ako, hindi pa ba sapat 'yun para paalisin kita? 'Yun ba ang masasabi mong walang balak na masama?"

"Please... maniwala ka sa akin."

"Paano ako maniniwala sa 'yo? Dapat kang makulong sa panloloko mo sa akin! Isusumbong kita sa pulis!" Naalala ng dalaga ang kanyang cellphone. Magda-dial na sana siya para ipahuli ito, ngunit bigla nitong hinawakan ang kanyang kamay.

Natigilan siya. Her skin became sensitive, she felt goosebumps all over her. Sa kaunting pagdidikit ng kanilang mga balat, kulang na lang ay mabaliw si Summer. Hindi na niya naituloy ang plano. Hinayaan niya lang itong magsalita.

"Huwag mong tawagan ang mga pulis, parang awa mo na. Nangangako ako, ipapaliwanag ko sa 'yo ang lahat, isama mo lang ako. I have no place to go. Please..."

Cute eyes gazed upon her. Gustung-gusto niya itong paalisin sa kanyang sasakyan, sinasabi ng utak niya na siguradong problema lang ang dala ng hindi pa masyadong nakikilalang lalaki, subalit kalahati

ng pagkatao niya ang nag-uutos na pabayaang itong nandidito kasama niya. Naguguluhan siya, hirap na hirap sa sitwasyon. Ano ba ang susundin niya?

Hindi na nagsalita si Summer, humarap na ulit siya sa manibela at pinaandar ang kotseng-kuba.

“Hindi mo na ako isusumbong sa pulis? Hahayaan mo lang ako dito?” Nagliwanag ang mukha ng estrangherong kanina ay nangangamba.

Nagkibit-balikat lang siya. “Fine!”

Tiningnan siya nito nang maigi, nagtataka sa kanyang ginawi.

“If you still want to stay here in my car and you don’t want me to call the cops, just shut up.”

Tumahimik nga ito na parang isang batang pinagalitan. Nagpatuloy siya sa pagmamaneho nang tahimik. Then, she remembered something. He was a total stranger to her. May karapatan siyang alamin ang pangalan nito.

“Sino ka ba? Ang s’abi mo ipapaliwanag mo ang lahat, start now.”

“Akala ko ba manahimik lang ako?”

Summer stopped the car. “Magpapaliwanag ka

ba o hindi?”

“Ito na nga, chill lang.” Nag-inhale and exhale muna ang lalaki. Tumitig ito sa kanya. “I’m Adam Kronos Gomez.”

“What?” Sino ba naman ang hindi magugulat? Isa sa great young minds of Asia ang kasama niya. Sa mga pahayagan, sa telebisyon ay kilalang-kilala ang pangalan na iyon. Biglang may naalala siya, isang balita sa lalaki noong anim na buwan na ang nakakaraan. “Di ba muntikan ka nang ma-kidnap?”

“Yes, muntikan na talaga at ang mas nagpapalala pa, muntikan pa akong mamatay. Since it happened, my life became miserable. Alam mo ba ang pakiramdam nang anim na buwang nakakulong lang sa bahay, dinaig ko pa ang presidente ng Pilipinas sa sobrang dami ng bodyguards at hindi man lang makapagtrabaho?”

Umiling si Summer. “Hindi, hindi ko alam. Hindi naman kasi ako mayaman na katulad mo.”

Napabuga ng hangin si Adam. “Try to sympathize with me!”

“Aba, nagsasabi lang naman ako ng totoo.”

“Okay, huwag ka nang magsalita para hindi na

ako mainis.” He continued his monologue. “Since I became the chief executive officer of *Kronos-G Incorporation*, nagsimula na ang kalbaryo ko. Imagine, limang beses na akong muntikang ma-kidnap. That’s why my mother came up with this idea of not letting me out of the house. Kaya nga nang makakuha ako ng pagkakataon na makatakas, I didn’t let the chance pass. I ended up here.”

“At iyon ang dahilan kung bakit ayaw mong tumawag ako ng pulis dahil matutunton ka ng nanay mo?”

“Yup, goodbye to my freedom. So please, isama mo na ako sa pupuntahan mo. I’ll do everything even becoming slave. I really need your help, hindi ko p’wedeng gamitin ang credit card ko. They might trace me.”

“My slave?” Totoo ba ang kanyang nadidinig? Ang isang Adam Kronos Gomez, magiging alipin niya? Ang lalaking pinagpapantasyahan ng napakadaming babae? Ang daming nabuong scenario sa utak niya. Saka lang naalala ni Summer na hindi maaari ang iniisip niya. “Ikaw ang bahala.”

“Great! May deal na tayo.” The man extended his hand for a handshake. “P’wede ko bang malaman ang pangalan ng rescuer ko?”

Freedom And Love - Joelle Madison

“Rescuer talaga?” Matagal niyang pinagmasdan ang kamay nito. Hindi niya iyon kinuha. “Summer... Summer Rose Calderon.”

Muli ay itinuon niya ang pansin sa daan.

3

Matapos ang ilang oras na mahabang pagda-drive, nakarating na sila sa Nueva Ecija. God! Napagod sa pagmamaneho si Summer. Nag-inat siya ng mga braso at in-exercise ang nangawit na leeg. Lumingon siya sa backseat kung nasaan ang lalaki, si Adam. Tulog na tulog ito. Dapat ginigising na niya ito pero hindi niya ginawa.

Habang pinagmamasdan ang lalaki, gumaan ang kanyang pakiramdam. Sa loob niya, may nabubuhay. Parang may nag-uutos sa kanya na hawakan ito. Malapit na niyang maidampi ang kamay sa mukha nito nang mapatigil siya. Napagtanto niyang hindi niya maaaring gawin iyon.

“Hoy! Gumising ka na!” bulyaw niya rito.

Pupungas-pungas nitong iminulat ang mga mata.
“Nasaan na tayo?”

“Nasa Nueva Ecija na tayo, Kamahalan. Kaya kung ayaw mong bumaba, eh, di huwag.”

“Wait!”

Subalit hindi na ito hinintay ng dalaga. Lumabas

na siya sa kanyang kotseng-kuba, dala niya ang mga pinamiling grocery items. Nakakailang hakbang pa lang si Summer, nasa gilid na niya ang lalaki. Hindi man lang niya napansin iyon, para itong superhero na may angking bilis. Sa ganitong pagkakataon, kulang na lang ay mahimatay siya. He was hot! Kahit nakatayo lang ito at walang ginagawa sa kanya, ibang-iba ang nadarama niya.

Hoy! Para kang sira! Ganyan lang, masyado ka na kung kiligin!

“Ako na ang magdadala niyan, Master.” Kinukuha ni Adam ang mga supot.

“Anong ‘master’? Baka kung ano pa ang isipin ng mga kapitbahay namin.”

“You’re my master, ’yun ang dapat itawag ko sa ’yo. Malaki ang naitulong mo sa akin.”

“Gusto mo bang tamaan ng palad ko? Tigilan mo nga ako sa kakatawag ng ‘master’! Hindi ako matanda!”

Aapela pa sana si Adam ngunit hindi na nito naituloy. Sa matandang bahay na nasa harapan nila, lumabas ang isang may-edad na babae. It was her mother. Nang makita si Summer, nagmamadaling sinalubong siya nito.

“Anak!” Niyakap siya kaagad ni Aling Carmelita. “Hindi mo man lang ako inabisuhan na dadating ka ngayon. Akala ko sa susunod na buwan ka pa pupunta dito.”

“Hindi po kasi ako p’wede next month. ’Nga pala. ’Nay, may mga dala akong pasalubong para sa ’yo.”

Pinakawalan siya ng biyuda. “Hindi ka na dapat nag-abala.” Nakuha naman ang atensyon nito ng lalaking kasama niya. Napangiti ang kanyang ina, may ideyang nabuo sa isipan. “Aba, may kasama ka pala. Siya ba ang nobyo mo?”

“Nay!” Tumaas ang boses ni Summer. Hindi siya makapaniwala sa inisip ng may-edad na babae. Iyon kaagad ang hinuha nito, puwede namang kaibigan na muna niya. Porque ba guwapo ang lalaki at matipuno ay boyfriend material na kaagad? Magsasalita pa sana siya pero nakatuon na ang buong pokus ng kanyang nanay sa lalaki.

“Hijo, ano’ng pangalan mo?”

“Ako po si Adam Kronos Gomez. You can call me ‘Adam’ for short, Ma’am.” Nginitian nito ang kausap.

Huli kaagad nito ang kiliti ng matanda, parang kinikilig. Mayamaya, naging seryoso naman ito. “Adam Kronos Gomez?” Hinawakan ni Aling Carmelita ang

baba, mukhang may iniisip. “Artista ka ba?”

“Hindi po, baka kayo po. Ang ganda n’yo po kasi.”

Two points for the bastard! Nakuha na nito ang loob ng ina ni Summer. Napakagaling nitong mambola, walang kahirap-hirap. Mayamaya, sabay na naglakad ang dalawa, patuloy pa rin sa pag-uusap. Habang siya, nakatayo lang, napailing na lang sa mga nangyayari.

Isang linggo makaraan ang pagdating nila sa Nueva Ecija...

Ang alam lang ni Summer tungkol kay Adam ay ang sitwasyon nito, subalit ang mga bagay na gusto nito, mga hobbies o kahit ang birthday nito ay hindi niya alam. Sabagay, ano naman ang karapatan niya para alamin pa iyon? Hindi niya dapat usisain ang buhay nito kahit pa tinulungan niya ito.

“Hey!” the low voice came from behind her.

Muntikan na siyang mapatalon sa kinatatayuan at mabasag ang hinuhugasang plato. “Anak ng tokwa naman, eh! Ano ka ba!” Si Adam pala iyon, ang lalaking gumugulo sa isipan niya kanina pa.

“Kanina pa kasi ako nagsasalita dito, hindi ka

naman pala nakikinig sa akin.”

“You mean, kanina ka pa nandidito?”

“Kasisimula mo pa lang maghugas ng mga pinggan, nandito na ako’t nagsasalita. Grabe naman ang pagiging absent-minded mo, Master!”

Nainis siya sa kausap. “Ayan ka na naman sa kakatawag sa akin ng ‘master’! Tigilan mo nga ako! Makakatikim ka sa akin!”

“So what do you want, my lady?”

Kulang na lang bumagsak sa lupa ang panga ni Summer. Hindi siya makapagsalita. Hindi niya inasahan ang endearment na iyon. Nagmistula siyang estatwang buhay. Saka niya lang din napagmasdan ang kabuuan ng lalaki.

Gaya nga ng unang inisip niya kay Adam, he had a hot body. Mas lalo pang mapapansin ngayon dahil sa suot lang nito na sandong puti, the fine shoulderblades of the man, she was tempted to touch. His strong and warm chest, parang kay sarap damhin. His mighty biceps, gusto niyang makulong doon. Gising ang kanyang mga mata subalit nananaginip siya.

You hardly know him, pero ganyan ang

nararamdaman mo! Dapat ka ngang itapon sa asylum, Summer!

Natauhan siya bigla. Kung hindi dahil sa kanyang konsyensya, hanggang sa oras na ito ay nagpapantasya pa rin siguro siya. Hindi na niya pinagmasdan ang matipuno nitong kaanyuan. Ipinagpatuloy na lang niya ang paghuhugas.

“Hindi mo ako lady. Ayokong tawagin mo ako sa iba’t ibang endearment. Plain, old Summer will do. Iyon lang at wala nang iba.”

“Meron ka ba ngayon? Grabe kasi ang topak mo.”

“Back off! Gumawa ka na lang diyan ng kapaki-pakinabang. Huwag mo na akong istorbohin.”

“Natapos na akong magdilig ng halaman, nakapaglampaso na din ako. Natulungan ko na din si Nanay Carmelita sa paglalaba.”

“Nagawa mo lahat ’yun?” Para sa tatlong oras na lumipas, nagawa nito iyon. Nakakagulat! Siya nga, aabutin pa ng ilang oras sa paglalaba kahit may tumutulong sa kanya. Dinaig pa nito si *Iron Man* sa pagiging matibay. “Umupo ka na lang o kaya mag-relax sa kuwarto mo. Huwag mo lang akong istorbohin.”

“Masusunod, Master!”

Bad trip naman! Ilang beses niya bang ipapaalala sa lalaking ito na hindi siya nito dapat tawagin ng ‘master’! Nakukunsumi na talaga siya rito. Pinakalma ng dalaga ang sarili, baka mabatukan na talaga niya. Hindi na lang siya nakipagtalo. Parehas nilang nadinig ang sigaw ni Aling Carmelita. Ano ang nangyari?

Tumakbo na sila ni Adam papunta sa sala, hindi na niya naisip na magbanlaw ng mga kamay kahit may bula pa ang mga ito.

“Nay! ’Nay!” Hinanap nila ang matandang babae. Wala ito sa sala. Nagkatinginan silang dalawa ng lalaki. They had to find the old lady. Dumerecho sila sa labas ng bahay.

Nagulat si Summer sa kanyang nabungaran. Sangkaterbang pulis ang nasa harap ng bahay! Pinalilibutan ng mga ito ang buong lugar. Ni hindi niya man lang napansin ang pagdating ng mga ito kanina.

“What’s going on?”

“Anak...” Maiyak-iyak ang mukha ng kanyang nanay.

“Nay, ano’ng nangyari?” Wala nang pagkakataon

upang magpaliwanag pa ito. Hinablol na kasi si Summer ng isang pulis at mabilis na pinosasan. “What’s the meaning of this?”

“Tanggalin mo ang posas! I command you!” Kulang na lang itulak ni Adam ang pulis hanggang sa mapalayo sa kanya. Ngunit pinigilan ito ng isa pang pulis. “Get off me! Alam n’yo ba kung sino ako? I’m Adam Gomez! I can sue you for doing this without a reason!”

“May rason kami, Sir. Dumulog sa amin si Mrs. Gomez at sinabing na-kidnap kayo. Isang linggo ka na naming hinahanap at wala man lang ni isang kidnapper na tumatawag para sa ransom money. Mabuti na lang may nakapag-inform na dito ka dinala.” Itinuro siya ng pulis. “She abducted you.”

Namuo ang galit sa dibdib ni Summer. Siya na nga itong tumutulong, siya pa itong naging masama. “What the hell! Seryoso ba kayo? Nasa hitsura ko ba ang maging kidnapper? At paano ko naman makukuha ang isang malaking lalaking katulad niya, aber?”

Sumingit si Aling Carmelita, “Iyon nga ang ipinapaliwanag ko sa kanila. Impossible mong gawin ’yun dahil nobyo mo siya.”

Napakagulo ng sitwasyon. Hindi maproseso ng dalaga ang lahat ng mga nangyayari. Una, hinuhuli siya dahil sa salang kidnapping kahit hindi naman niya ginagawa. Pangalawa, hindi pa rin maintindihan ng kanyang ina na hindi nga niya nobyo si Adam.

Mula sa isang magarang kotse, may isang taong lumabas. Matandang babaeng nasa fifties ang edad ang kanyang nakita. Magara ang suot nito, at sa postura pa lang ay hindi na maipagkakailang mayaman. Habang papalapit ito, napansin niyang may kahawig ito.

“Mother...” Adam’s eyes were serious.

Kaya pala nasabi niyang may kamukha ang babae. The old lady was his mother. Parehas ang dalawa ng mga mata. Nilampasan lamang siya ni Mrs. Carlota Gomez. Tuloy-tuloy lang ito papunta sa lalaki.

“Unico hijo!” Yumakap kaagad ito sa anak. “Akala ko kung ano’ng nangyari sa ’yo. I thought I’d lost you.”

Hindi pa rin nagbabago ang reaction ng mukha ni Adam. “Order them to release me and Summer.”

“Let’s go home, Adam.”

“Utusan n’yo silang pakawalan kami!”

Nagmatigasan ang mag-ina, hindi natitinag, hindi

kumukurap ang mga ito. Ang unang bumawi ay ang ina ng lalaki, lumingon ito sa mga pulis. Sumenyas ang biyuda na pakawalan sila. Walang tanung-tanong ay nawala ang posas na nasa mga kamay ni Summer.

“Napakawalan ko na siya. Bumalik na tayo sa mansyon, Adam,” ani Mrs. Gomez.

Umiling ang binata. “No, I won’t. Mananatili lang ako dito.”

“Alam mo naman kung gaano kahirap ang sitwasyon. You’re not safe here. There’s a chance someone might kidnap you. I can’t afford to lose you, my child.”

“Ma! Ilang beses ko bang ipapaliwanag ang lahat? I don’t care what happens, gusto ko lang maranasan ang normal na buhay kahit panandalian lang. Hindi ako sasama sa inyo! And if you still insist, gagawa pa din ako ng paraan para makatakas!”

Hindi pa rin tumitigil ang mag-ina sa pagtatalo. Habang sila ng kanyang nanay ay clueless sa mga nangyayari. Huminga nang malalim si Summer. Kailangan niyang sumingit sa usapan.

“Makikisingit lang po. Kung gusto n’yong mag-usap, p’wede pong sa loob na lang. Masyado na po tayong nakakakuha ng atensyon ng mga kapitbahay.”

“Sino ka para sumabat sa usapan namin?”
mataray na asik ng mayamang babae.

Hindi na siya nagsalita. Lalayo na sana siya, pero hinawakan nang mahigpit ni Adam ang kanyang kamay. Si Mrs. Gomez naman ay mukhang hindi nagustuhan ang nakita. Pilit man siyang kumakawala mula sa pagkakahawak ng lalaki, hindi pa rin siya makatakas.

“Let’s go, Son!”

“I’m not going anywhere, Mother. Mananatili ako dito kasama ang babaeng mahal ko.”

“Ano!” Sabay-sabay ang lahat, maging si Summer, sa naging reaction.

Totoo ba ang kanyang nadinig? Pinagmasdan niya si Adam, seryoso ito. Iyon nga ang sinabi nito, hawak pa rin ng lalaki ang kanyang kamay. Napalingson siya sa dalawang matandang babae. Magkaiba ang reaksiyon ng mukha ng mga ito. Si Aling Carmelita ay masaya habang si Mrs. Gomez ay nakabusangot.

Ano bang gulo itong ginawa ni Adam! Habang nakikita niya ang kanyang nanay na kilig na kilig sa nakikita, nagi-guilty siya. Matagal na nitong gusto na magkaroon siya ng nobyo. Paano ba niya babaguhin ang mga nalaman nito?

Masama ang tingin ni Summer sa lalaking hindi pa rin pinakakawalan ang kamay niya. “Bawiin mo ang sinabi mo sa ka—”

Nawala na ang tsansang makaapela siya. Kaagad siya nitong kinabig hanggang sa tumama siya sa napakalakas na katawan nito na daig pa ang isang pader. He conquered her lips without second thoughts. Malambot ang mga labi ni Adam, nagbabaga kahit nakadampi lang.

Bumilis ang tibok ng puso niya, pinagpawisan siya. Hindi maproseso ng kanyang utak ang lahat ng mga nangyayari. Ang rational thinking niya ay hindi gumagana. Pinakawalan na siya nito. Isang ngiti ang gumuhit sa guwapo itong mukha. Para siyang napipi.

Nag-aapoy naman sa galit ang mga mata ni Mrs. Gomez nang tingnan ito ng dalaga. Walang sabi-sabing tumalikod na ang mataray na ginang. Sumakay na ito sa kotse at umalis nang walang paalam. Si Aling Carmelita ay masayang pumasok ng bahay. Naiwan silang dalawa ni Adam.

Nagngitngit sa inis ang kalooban ni Summer. “Ano ba’ng ginawa mo? Nasisiraan ka ba ng bait? Gusto mo bang makulong ako nang tuluyan?”

“Bakit ka naman ikukulong? Dapat nga

magpasalamat ka pa sa akin,” mahinahon ang tinig na sabi ng binata. “Thanks to my brilliant plan, my mother left us.”

“And thanks to your wonderful plan, umasa ang nanay ko na may boyfriend nga ako kahit wala naman!” singhal niya.

“Di totohanin na natin, I will be your boyfriend.”

Hindi na niya napigilan ang sarili, isang malakas na sampal ang dumapo sa mukha ng lalaki. “Hindi ako laruan! Ipapaalala ko lang sa 'yo na ako ang tumulong sa 'yo! Napaka-selfish mo!”

Ang ngiting nasisilayan sa mukha nito kanina ay nawala na. Seryoso na. “Yes, I’m a selfish man who wants to be free from my hard-headed mother. Kung nasa kalagayan ba kita, hindi mo ba gagawin 'to? Ever since bata pa ako, ganyan na si Mama. She’s so protective. Gusto kong gawin ang mga bagay na gusto ko pero lagi siyang umaapela.” Tumikhim muna ito bago nagpatuloy, “Naging mapagpasensya ako, inintindi ko siya pero may hangganan din ang lahat.”

Tila lumambot ang puso niya rito. “Adam...”

“I’m sorry if I’ve been a big burden to you and your mother. Patawad kung dinamay kita sa mga kalokohan ko, sa magulong kalagayan ko. But please

be my girlfriend, kahit kunwari lang.”

“Ano?”

“Ngayon ko lang nakita si Mama na gan’un, out of control. Promise, hindi na mangyayari ang nangyari kanina. Magpapanggap tayo sa harap lang ni Mama. Di ba wala kang trabaho? I’ll give you a job, good benefits and everything. If you’re with me, my mother won’t hinder what I want to do.”

“Bahala ka sa buhay mo!” Akmang iiwan niya ang kausap, pero napigilan siya nito.

“Please, pag-isipan mong maigi ang mga sinabi ko. Isipin mo din si Tita Carmelita.”

Nahuli nito ang kanyang kahinaan. Tama nga ito. Kanina nang makita ng kanyang ina ang mga nangyayari—ang kumpisal ni Adam, ang paghawak nito sa kanyang kamay at halikan siya sa harapan ng madaming tao—masayang-masaya ang matandang babae. Ngayon niya lang nakita ang ina na ganoon kasaya simula nang pumanaw ang kanyang ama. Ayaw niyang ma-disappoint ito kung malaman ang katotohanan na hindi naman talaga niya nobyo ang lalaki.

Bumuntong-hininga na lang si Summer. “Kung hindi lang kay Nanay, hindi talaga ako papayag.”

Kumislap ang mga mata ni Adam. “Talaga? Pumapayag ka na?”

“Magpapanggap lang tayo kapag nasa harapan nila pero kapag tayong dalawa lang, we’re just two people with no relationship with each other,” giit niya. “Is that clear?”

“Yup, as clear as running water!”

Ano kaya ang mangyayari sa kanya? Sana hindi niya pagsisihan sa bandang huli ang naging desisyon niya.